Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 22, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

***HINDI NAKADALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 13-08-080

**KAPASYAHANG NAGPAPABATID NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA KABIYAK, MGA MAGULANG, PAMILYA AT KAIBIGAN SA MAAGANG PAGPANAW NI BOKAL JOJIE ESCOBIO-MALAPITAN**

**"SAPAGKAT,** itinuturing na ang maagang pagpanaw ni Bokal Jojie E. Malapitan sa murang edad na 37 taong gulang ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at kaibigan kung hindi maging sa Bayan ng Calapan na matagal niya ring pinagsilbihan at ngayon bilang bagong halal na bokal para sa Unang Distrito ng Oriental Mindoro;

**"SAPAGKAT,** bata pa lang si Jojie, magiliw na tawag sa kanya, ay kinakitaan na siya ng likas na katangian at hilig sa pamumuno; sa katunayan siya ay nahalal na Tserman ng Sangguniang Kabataan at naging miyembro ng Sangguniang Panglungsod sa loob ng 9 na taon;

**"SAPAGKAT,** kaugnay nito siya ay pinarangalan ng Philippine Councilors League- Oriental Mindoro Federation bilang isa sa mga Most Active Members nito; at sa katatapos na halalan ng 2013, si Jojie nga ay muling pinagkatiwalaan ng bayan dahil sa kanyang pagwawagi bilang Bokal sa Unang Distrito;

**"SAPAGKAT,** malinaw na maganda ang hinaharap na inaasahan para sa kanyang buhay pulitika kung hindi nga lamang sa tadhanang laan para sa kanya, gayunpaman ang mga ala-ala ng kanyang kabutihan at pakikisama ay mananatili sa isipan ng bayang kanyang minsang pinaglingkuran;

CS CamScanner

**"SAPAGKAT,** walang salitang makasasapat upang isalarawan ang kawalan at pangungulilang nadarama ng mga taong naulila niya at ang tanging makakagaan lamang ay ang pag-asang si Jojie sa kasalukuyan ay nasa kandungan na ng Poong Maylikha sa ating lahat; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpabatid ng taus-pusong pakikiramay sa kabiyak, mga magulang, pamilya at kaibigan sa maagang pagpanaw ni Bokal Jojie Escobio-Malapitan;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel, pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY":** Agosto 22, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDWIN S. ACERON**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 08 29 13

130730/SOB/jpc